Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7-l-6 12-20-10

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG DISYEMBRE 16, 2010, ARAW NG HUWEBES, SA GANAP NA IKA-3:20 NG HAPON.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 239-T2010

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 069-T2010 /KAUTUSAN BLG. 004-T2010 NA NAGTATAKDA NG BAGONG SINGILIN SA PAGKUHA NG BARANGAY CLEARANCE AT BUSINESS CLEARANCE PARA SA MGA BAHAY-KALAKALAN AT IBA PANG SINGILIN SA NASASAKUPAN NG BARANGAY SANTO ANGEL SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng mga kasapi ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ang Kapasiyahan Blg. 069-T2010 / Kautusan Blg. 004-T2010 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na naglalayong magtaas ng mga singilin sa barangay, ayon sa isinasaad ng naturang kautusan;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi at Lupon sa Batas ng sangguniang ito para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at malaman na ang pagtataas ng mga singilin ay tama at makatwiran upang makatugon sa pangangailangan ng barangay ay ipinasya ng kaukulang lupon na pagtibayin na ang naturang kautusan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco at Laarni A. Malibiran at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 069-T2010/Kautusan Blg. 004-T2010 na nagtatakda ng bagong singilin sa pagkuha ng Barangay Clearance at Business Clearance para sa mga bahay-kalakalan at iba pang singilin sa nasasakupan ng Barangay Santo Angel Sur, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at Barangay Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan